

NIZ Balitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

ISSN 2345-8194 | Tomo 3 Blg.4

Science City of Muñoz, Nueva Ecija

Hulyo-Agosto 2015



Ito ang Dairy Box Delicatessen na isang *one-stop-shop* na binuksan ng Philippine Carabao Center (PCC) malapit sa Milka Krem *dairy outlet* nito sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija. Mabibili sa *shop* na ito ay mga produktong pampasalubong at iba't-ibang *pastries* na gawa ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC) at ng iba pang samahan ng mga magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija.

PCC, inilunsad ang 'Dairy Box Delicatessen' *one-stop shop*

Ni Khrizie Evert M. Padre

Nagbukas ng isang panibagong oportunidad ang Philippine Carabao Center (PCC) para sa mga magsasakang-maggagatas na mailapit sa merkado ang kanilang produkto sa pagbubukas kamakailan ng "Dairy Box Delicatessen" *one-stop shop*.

Dala ng Dairy Box ang *tagline* na "Go local, go dairy" na naka-angkla sa hangarin nitong maitampok ang mga

ipinagmamalaking produktong gawa sa gatas ng kalabaw sa mga lokal at turistang mamimili.

Ang Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC) ng Catalanacan, Science City of Muñoz, Nueva Ecija ang siyang napiling mangasiwa ng naturang establisyamento. Ito ay pinagtibay ng isang kasunduan sa pagitan ng PCC at ng kooperatiba na tatagal ng tatlong taon.

Itinatampok dito ang mga produktong pampasalubong at iba't-ibang *pastries* na gawa ng CAMPC at ng iba pang samahan ng magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija.

Kabilang sa mga produktong mabibili ay ang *espasol de leche*, *macapuno*, *macaroons*, *leche flan*, bibingkang gatas at bibingkang kanin na gawa ng CAMPC. Ang *pulvoron*,

(Sundan sa p.2)

Kasunduan sa pagpapapaayos ng *dairy processing center* ng CAMPC nilagdaan

Ni Ma. Cecilia C. Irang

Nilagdaan kamakailan ang kasunduan sa pagitan ng Department of Agrarian Reform (DAR), Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC), Local Government Unit-Science City of Muñoz (LGU-Muñoz), at Philippine Carabao Center (PCC) para sa proyektong "Enhancement of the Village-level Processing Center of CAMPC" noong Hulyo 31 kasabay ng

pagbubukas ng Dairy Box Delicatessen *one-stop-shop* sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Nakasaad sa kasunduan na magbibigay ng Php100,000 ayuda ang DAR sa pamamagitan ng Provincial Office (DARPO) nito sa CAMPC bilang benepisyaryo ng proyekto. Ang ayuda ay gugugulin para sa pagsasaayos ng *processing center* ng kooperatiba at pagpaparehistro

sa Food and Drugs Administration (FDA) para sa lisensiya nitong makapag-*operate*.

Layunin ng proyekto na makabuo ng market para sa produkto ng *agrarian reform beneficiary* (ARB) at mapataas ang mga pangkabuhayang gawain sa komunidad sa mga piling *agrarian reform areas* (ARAs) at sa buong probinsiya.

Ang mga kabilang na institusyon ay

(Sundan sa p.2)

PCC nagsagawa ng *business enhancement training* para sa mga negosyanteng-maggagatas

Ni Ma. Cecilia C. Irang


Ang Philippine Carabao Center (PCC), sa pamamagitan ng Business Development and Commercialization Unit (BDCU) nito, ay naglunsad ng *workshop* para sa mga negosyanteng-maggagatas sa ilalim ng programang "Business Enhancement Series Training (BEST)" ng ahensiya noong Agosto 25 sa PCC National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Layon ng programang BEST na matulungan ang mga kooperatiba sa paggagatas na pangasiwaan ang kanilang negosyo na hindi kailangang umasa sa iba. Mayroon itong *series* ng mga pagsasanay at *workshop* para mas mabigyan ng kaalaman at kakayahan sa *plant operation*, *production standardization* at *store management* ang mga kooperatiba at mga miyembro nito na sangkot sa *dairy processing*.

Ang unang mga grupo na sumailalim sa pagsasanay ay mga miyembro mula sa Catalanacan Multi-Purpose Cooperative at Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative, kasama rin ang mga kawani ng Milka Krem, na *product outlet* ng PCC.

"Ang Business Enhancement Series Training ay isang pagpapahiwatig na ang PCC ay umaasa na gawin ninyo ang kakayahan niyo sa pagpapalago ng inyong negosyo. Mula sa araw na ito, tuturuan kayong hindi umasa sa PCC kasi kayo, sa sarili ninyo, ay kaya niyong gawin 'yon. Kailangan lang na magtiwala kayo sa kakayahan ninyo dahil limitado lang ang kapasidad ng PCC. Salamat sa pagpili niyo na matuto at salamat sa pagiging mahusay ninyo," ani Dr. Liza G. Battad, hepe ng Planning and Information

(Sundan sa p.3)



litrong gatas ng kalabaw sa 2016 sa Nueva Ecija

Kaya natin 'to!

PCC, PhilMech nagkasundo sa paggawa, pagdisenyo ng *baling machine*

Ni Chrissalyn L. Marcelo



Sina Engr. Rex L. Bingabing, *executive director* ng PhilMech; Dr. Arnel N. Del Barrio, *acting executive director* ng PCC; Dr. Romualdo C. Martinez, *hepe ng agricultural mechanization division* ng PhilMech at Dr. Eric P. Palacpac, *hepe ng knowledge management division* ng PCC (mula kaliwa) habang nilalagdaan ang *memorandum of agreement (MOA)* sa paggawa at pagdisenyo ng *baling machine*.

Nagkasundo kamakailan ang Philippine Carabao Center (PCC) at ang Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMech) sa paggawa at pagdisenyo ng *baling machine*.

Pormal na isinagawa ang kasunduan noong Hulyo 31 sa pamamagitan ng paglalagda ng *memorandum of agreement (MOA)* nina Dr. Arnel N. Del Barrio, *acting executive director* ng PCC; Engr. Rex L. Bingabing, *executive director* ng PhilMech; Dr. Eric P. Palacpac, *hepe ng Knowledge Management Division* ng PCC; at Dr. Romualdo C. Martinez, *hepe ng Agricultural Mechanization Division* ng PhilMech.

Isinagawa ang paglalagda kasabay ng pagbubukas ng PCC sa Dairy Box *one-stop-shop* na matatagpuan sa Science City of Muñoz (basahin ang bukod na artikulo sa pahina 1).

Mula sa nilalaman ng kasunduan, ang PCC ay nakatakdang magbigay ng pondong Php300,000 sa PhilMech para sa pagbubuo at pagdidisenyo ng *baling machine*.

Ang makina ay gagamitin para sa pagpapaldo at pag-iimbak ng pakain sa kalabaw.

Ayon kay Del Barrio, inaasahan na ang ipa-*fabricate* na makina ay makatutulong ng malaki sa mga magsasakang-maggagatas.

“Hindi katulad sa *baling machine* na ginagamit na ng ilan sa mga magsasakang-maggagatas sa pag-iimbak ng dayami, ang makinang ididesenyo ng PhilMech ay maaari ring magamit upang makapagpaldo ng iba pang uri ng pakain para sa kalabaw,” ayon kay Del Barrio.

Ipinaliwanag ni Engr. Bingabing na ang makinang kanilang ididesenyo ay gagamitin para makapagpaldo ng mga pakain sa kalabaw na tulad ng dayami, *corn straw*, dahon ng *sugar cane* at iba pang mga *crop residues*.

Ani Bingabing, hangad ng kasunduan na matulungan ang mga magsasaka na magkaroon din ng makinang kanilang ididesenyo. Isinaad ni Bingabing na sila ay gagamit ng *hand tractor engine* na karaniwan ay mayroon ang mga magsasaka para makabuo ng *baling machine*.

“Ang kasunduan ito ay naghahangad din na bigyan ng dagdag-kita ang mga magsasaka,” saad pa niya.

Ang kasunduan ay mula sa proyektong “Design and Development of an Engine-driven Baling Machine” ng PCC at PhilMech.

Kasunduan sa pagpapaayos... (mula sa p.1)



Ipinakikita ng mga opisyal na sina (mula sa kaliwa) Dr. Jerry Rigos, *agriculturist* ng Science City of Muñoz; Dr. Arnel N. Del Barrio, *acting executive director* ng PCC; Leoncio Callo, *chairman* ng Catalanacan Multi-Purpose Cooperative (CAMPC), Jocelyn O. Ramones, *program officer I* ng DAR Provincial Agrarian Reform, Ma. Iryn R. Magcalas, *representative* ng DAR regional director; Engr. Eladio N. Duran, *hepe ng small and medium enterprise development division* ng DTI; at Dr. Peregrino G. Duran, *team leader* ng PCC dairy herd improvement-enterprise development program ang nilagdaan nilang *memorandum of agreement (MOA)* para sa “Village-Level Processing Center Enhancement Program”.

may kani-kaniyang pangunahing tungkulin na dapat gampanan sa kasunduan.

Tungkulin ng PCC na magbigay ng teknikal na tulong at suporta kaugnay sa *health management, breeding, dairy production and management, record keeping, product development and marketing, laboratory services, milk sample analysis*, mga programang makadaragdag ng kaalaman at kahusayan ng mga maggagatas na opisyal at miyembro ng kooperatiba, at makipag-ugnayan sa ibang mga *service providers* na magtataguyod at magpapatibay ng *carabao-based enterprise program* ng kooperatiba.

Ilan sa mga tungkulin ng DTI ang pagbibigay ng serbisyong teknikal at *extension*, mga kagamitan sa pamamagitan ng Shared Service Facilities Program nito, tulong sa paghahanda ng mga dokumento sa pag-*apply* para sa *nutritional facts analysis* at para sa lisensiya nito sa FDA na makapag-*operate*.

Ang DAR, maliban sa ayuda nitong Php100,000 at *liquidation* ng nasabing halaga, ay magbibigay din ng tulong teknikal at mga gawain na makatutulong sa pagpapataas ng kaalaman at kakayahan ng mga miyembro ng kooperatiba, regular na magmomonitor at magsusuri ng proyekto, at magbibigay ng tulong sa *product development at marketing* sa pamamagitan ng mga *trade fairs* o *exhibits*.

Magsasagawa naman ng mga *seminars* ang LGU-Muñoz para sa mga miyembro ng kooperatiba upang mapanatiling matibay at matatag ang organisasyon nito. Makikipag-ugnayan din ito sa ibang mga *service providers* na magtataguyod at magpapatibay ng *carabao-*

based enterprise program ng kooperatiba at tutulong sa pagmomonitor at pagsusuri ng proyekto.

Ilan naman sa tungkulin ng CAMPC, benepisyaryo ng programa, na gamitin ang 70% ng ayudang pondo sa pagsasaayos ng kanilang *processing center* at ang 30% ay para sa *laboratory test* para sa lisensiya nito sa FDA na makapag-*operate* sa loob ng isang taon mula sa araw na naibigay ang pondo at nalagdaan ang kasunduan; *i-liquidate* ang Php100,000 pagkatapos ng pagsasakatuparan ng proyekto alinsunod sa Generally Accepted Accounting Procedures (GAAP) sa pakikipag-ugnayan sa DARPO Nueva Ecija. Kabilang din sa kanilang tungkulin ang magsumite ng *technical report* minsan sa tatlong buwan sa opisina ng DAR, pamahalaan, panatilihin at pangasiwaan ng maayos ang *dairy processing center*, at ibenta ang mga *dairy products* na kanilang pinoproseso.

“Ito ay maliit lamang na proyekto pero hindi makararating ang ating mga produktong ipagbibili dito sa Dairy Box kung hindi maganda ‘yong *processing center* at ‘yong kalidad ng mga produkto. Ang DAR at ang mga katulong na institusyon ay tutulong sa CAMPC para mapaganda ang kanilang *processing center, enterprise at marketing*,” ani Jocelyn O. Ramones, *program officer I* ng DAR Provincial Agrarian Reform.

Ang proyekto ay bahagi ng pagsasama-sama (*convergence*) ng DAR, PCC, DTI at LGU upang makatulong sa mga magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija.

PCC, inilunsad... (mula sa p.1)

ay produkto naman ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) ng San Jose City, Nueva Ecija habang ang *chicharabao* ay nagmula pa sa Lighthouse Cooperative ng Tuguegarao City, Cagayan. Ang tibok-tibok, sapis-sapis, yema (*dulce de leche*) at piyema ay gawa naman ng Sianing's Dairy ng Lupao, Nueva Ecija.

Ang *buko pie, lechetin, dairy tarts, dairy empanada* at *mini cupcakes* ay ilan lamang sa mga bago pang produkto na ilalabas na aabangan ng mga mamimili.

Nais ng Dairy Box na maging tampok na destinasyon ito sa mga biyahero at makatulong sa pagpapaangat sa industriya

ng turismo sa Nueva Ecija.

Ang *one-stop shop* ay matatagpuan sa kahabaang-daan ng Maharlika Highway, kalapit lamang ng Milka Krem, na siyang *product outlet* ng *central milk processing facility* na pinamamahalaan ng PCC National Headquarters, sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija.

Sa kabuuan, ang Dairy Box ay itinayo bilang suportang imprastruktura para sa mga magsasakang-maggagatas upang matugunan ang pangangailangan na mailapit sa merkado ang kanilang mga produkto upang maiangat ang kanilang kita.

“Matagal nang pangarap ng PCC na makapagtayo ng isang *one-stop dairy hub* na layuning maipakilala sa merkado ang mga de-kalidad na produktong gawa ng ating mga kooperatiba. Hangad nitong palakasin ang kakayahan at maiangat ang kabuhayan ng ating mga magsasakang-maggagatas sa pamamagitan ng *value-adding* sa kanilang mga produkto. Sa pagkakaroon ng tamang merkado, sa tamang lugar at tamang panahon, at pagkakaroon ng tamang kalidad at tamang *packaging*, naniniwala ang PCC na higit na mapabuti ang produksyon ng gatas,” ani PCC Acting Executive Director Arnel N. Del Barrio sa kanyang mensahe sa ginanap na *grand opening* ng Dairy Box.

Kabilang sa mga dumalo ay mga

miyembro ng CAMPC at EPMPC at mga pangunahing opisyal ng Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMech), Department of Trade and Industry (DTI), Department of Agrarian Reform (DAR), *local government unit* ng Science City of Muñoz (LGU-Muñoz) at PCC staff.

Kaalinsabay din ng *grand opening* ay ang pagpirma ng dalawang *memorandum of agreement*: (1) sa pagitan ng PCC at PhilMech para sa “design and development of an engine-driven baling machine”, at (2) sa pagitan ng PCC at CAMPC, DAR, DTI, at LGU-Muñoz para sa “village-level processing center enhancement program”.

Magsasaka-katiwala tinalakay ang *shared service facility* ng DTI sa pangkalahatang pagpupulong

Ni Ma. Cecilia C. Irang



Ang ilan sa mga *milking machine* na ipinamahagi ng Department of Trade and Industry (DTI) sa mga magsasakang-maggagatas sa Nueva Ecija.

Ang mga magsasaka-katiwala ng 11 kooperatiba, na nakatanggap ng *shared service facility* (SSF) mula sa Department of Trade and Industry (DTI), ay nagkaroon kamakailan ng pangkalahatang pagpupulong sa Philippine Carabao Center (PCC) National Headquarters and Gene Pool sa Science City of Muñoz, Nueva Ecija upang talakayin ang iba't-ibang mga bagay na kaugnay sa nasabing pasilidad.

Ang SSF ay mga *milking machines* na pinagagamit sa mga kooperatibang inaasistihan ng PCC sa Nueva Ecija, na National Impact Zone (NIZ) ng ahensiya sa ilalim ng Carabao Development Program (CDP).

Ang mga *units* ay mayroong dalawang *double-bucket type milking machines* at dalawang *milk cans* na may kapasidad na 40 litro bawat isa. Dalawang klase ang *milking machine: electrical* at *gas engine-driven*.

Ang mga nakatanggap ng SSF ay Nag-iisang Masikap Primary Multi-Purpose Cooperative (PMPC), Pulong Buli PMPC, Bagong Pag-asa sa Bagong Talavera PMPC, Casile Dairy PMPC, Simula ng Panibagong Bukas MPC, Ayos Lombay Dairy Cooperative, Buklod Producers Cooperative, KAPAGENA, Kabulihan Producers Cooperative, Dimasalang Sur Credit Cooperative, at San Vicente Dairy Producers Cooperative.

Ayon kay Dr. Peregrino G. Duran, *team leader* ng PCC dairy herd improvement-enterprise development program, kailangang madalas gamitin ang *milking machine* para mapanatili ang maayos na kundisyon nito. Sinabi rin niya na ang lalawigan ng Nueva Ecija ang nakatanggap ng pinakamaraming *milking machines* mula sa SSF *scheme* ng DTI.

Sa pagtitipon na ginanap noong Hulyo 30, tinalakay din ang kalagayan ng mga ipinamahaging *milking machines*, ang iba'y hindi maayos ang

kundisyon habang ang iba nama'y hindi ginagamit.

Hinikayat ni Engr. Eladio N. Duran, DTI small and medium enterprise development division *chief*, ang mga magsasaka-katiwala na magtulungan para maresolba ang mga problema. Iminungkahi rin niya na kung sino man ang interesadong manghiram ng *milking machine* na hindi ginagamit ay kailangan lang magsumite ng *letter-request* sa DTI para makuha niya ang nasabing kasangkapan.

“Kailangan niyong gamitin ang *milking machine* dahil kung hindi ay kakalawangin ‘yan at hindi na mapakikinabangan pa. Mahalaga rin na malaman niyo ang importansiya ng regular na paggagatas sa mga kalabaw para maiwasan ang *mastitis* at mapataas ang produksyon ng gatas,” paalala ni Dr. Felomino V. Mamuad, PCC *deputy executive director*, sa mga magsasaka-katiwala.

Isa sa mga benepisyaryo ang nagbahagi ng kanyang estratehiya sa paggamit ng *milking machine* para masanay ang kanyang alagang kalabaw.

“Para masanay ‘yong kalabaw ko sa *milking machine*, ang ginagawa ko ay pinapaandar ko lang ‘yong *milking machine*, hinahayaan ko siyang masanay sa tunog habang manu-mano kong ginagatasan ‘yong kalabaw. Pagkaraan ng isang linggo, nasanay na ‘yong kalabaw sa tunog at naging madali na ang paggamit nito,” wika ni Arnold Cunanan, miyembro ng Simula ng Panibagong Bukas MPC.

Nauna nang natuto sa tamang pangangasiwa at pagkukumpuni ng *milking machine* ang mga magsasaka-katiwala sa isinagawang pagsasanay noong Mayo 26 kasama si Engr. Benjamin De Guzman ng National Dairy Authority na nagsilbing tagapagsalita.

Ang pagpupulong ay dinaluhan ng 47 kalahok. Maliban sa mga magsasaka-katiwala, dumalo rin ang ilang mga kawani ng PCC at DTI.

PCC, nagsagawa... (mula sa p.1)

Management Division ng PCC sa kanyang paunang salita.

Ang mga unang aktibidad na nakalinya sa programang BEST ay naghahangad na resolbahin ang mga kasalukuyang suliraning kinakaharap ng mga magsasaka sa pagpapalago ng kanilang produksyon at distribusyon, gaya ng *inconsistencies, spoilage, stock-outs, communication failures* at hindi pagkakaunawaan. Naglalayon din ito na hikayatin ang kooperatiba na pagtuunan ng pansin ang kalidad ng kanilang mga produkto at tuluy-tuloy na pagpapabuti ng kanilang sistema para mapagsama-sama at mapanatili ang mga kaalaman at kakayahang natamo mula sa programa.

“Mula sa naobserbahan namin, may mga problema kaming nakita sa mga kooperatiba. Napansin namin na kailangan nilang baguhin ‘yong perspektibo nila sa mga bagay para mas madali nilang masolusyunan ‘yong problema sa kani-kanilang mga kooperatiba. Hindi natin maituturo ng buo ‘yong sistema na kailangan nilang gawin. Bilang mga negosyante, dapat manggaling sa kanila ‘yon kung paano sila magkakaroon ng magandang sistema at tuluy-tuloy na pagpapabuti. Kailangan nilang malaman kung paano magtukoy ng problema at paano ito masolusyunan. May mga maliliit na bagay silang ginagawa na makatutulong sa pagpapa-unlad ng kanilang negosyo,” paliwanag ni Jan Czarina Salas, *business development analyst* ng PCC-BDCU.

Ayon kay Salas, mayroong tatlong pangunahing aktibidad ang programa. Una ay ang “BEST Me Workshop” para bigyan ng kamalayan ang mga kalahok sa tamang pag-uugali at pananaw sa mga pagbabagong nangyayari sa kanilang paligid. Pangalawa ay ang “BEST Problem Solving Approach Workshop” para mapanatili ang paggamit ng mga kaalamang natamo mula sa mga naunang gawain at para makapagtamo rin sila ng tiyak na pang-unawa at kompiyansa sa pagharap nila sa mga suliranin sa araw-araw nilang operasyon. Pangatlo ay ang “BEST: Inter Dairy Kaizen Competition (IDKC)”. Ito ang lugar kung saan ang

mga kalahok na grupo ng programa ay ipakikita ang kanilang *Kaizen-* (Salitang Japanese na ang ibig sabihin ay “change for better”) *inspired problem-solving procedures* base sa kanilang natukoy na mga problema mula sa naunang aktibidad. Ipakikita ng mga grupo ang kanilang mga *output* mula sa detalyadong instruksiyon noong nakaraang aktibidad. Ang may pinakamahasay na presentasyon sa dalawang kategorya, tulad ng *dairy plant processing* at *dairy sales and marketing* ay bibigyan ng pagkilala.

“Hindi lang namin nais na matuto sila sa pagnenegosyo, bagkus ay pag-alabin pa ang *business-consciousness* sa sarili nila at gawin nila itong kanilang sandigan, ang bawat miyembro ng *dairy processing team* ay *entrepreneur*,” dagdag ni Salas.

Maliban sa mga pangunahing aktibidad, ang programa ay magkakaroon din ng *support activities*, tulad ng *dairy plant standardization, benchmarking tour* at *store management training*.

“Ang programang ito ay isinagawa upang linangin ang taglay nilang kasarinlan at pagtitiwala sa kanilang mga kakayahan. Ito ay isasagawa sa pamamagitan ng kumpetisyon para mahikayat sila na mas pagbutihin nila ‘yong gagawin nila at mas maging *conscious* sila sa mga bagay-bagay, lalo na ‘yong mga miyembro na nagpapadala lang sa emosyon at ugali,” ani Zadieshar Sanchez, PCC-BDCU *project evaluation officer*.

Nagsilbing tagapagsalita sa pagsasanay si Kimberlie Alejo-De Vera, dating *Kaizen trainer* sa Toyota sa Cabanatuan City, Nueva Ecija,

“Minsan, nakikita natin ang problema bilang problema, hindi natin nakikita na ito ay bagay na dapat solusyunan. Laging tandaan na ang problema ay isang oportunidad para lalo pang maging mas mahusay. Ito ay mahalagang bagay na dapat pagsikapang resolbahin,” binigyang-diin ni De Vera.

Ang susunod na mga pagsasanay sa ilalim ng programang BEST ay nakatakdang isagawa sa Setyembre at Disyembre ng taong ito.



Si Dr. Liza G. Battad, hepe ng Planning and Information Management Division (PIMD) ng PCC, habang hinihikayat ang mga negosyanteng-maggagatas na magtiwala sa kani-kanilang mga kakayahan upang maresolba ang mga suliranin sa kanilang organisasyon.

Ayon kay Sambrano

'Malaki ang pakinabang ko sa damong Pakchong 1'

Ni Chrissalyn L. Marcelo

"Dahil sa pagkakaroon ko ng damong Pakchong 1, hindi na ako namomorable ngayon sa pagpapakain ng kalabaw. Bukod dito, tiyak ko pa na mas masustansiya ang naipapakain kong damo at nagkakaroon pa ako ng mas maraming oras para sa pamilya ko".

Ito ang masayang sambit ni Randy C. Sambrano, 28, magsasakang-maggagatas na miyembro ng Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (EPMPC) sa Brgy. Sibut, San Jose City, matapos mapatunayan kung paanong ang pagkakaroon ng damong Pakchong 1 ay nakatutulong sa kanya.

Ang damong 'Pakchong 1', ayon sa mga eksperto ng Philippine Carabao Center (PCC), ay isang uri ng *improved grass* na *dineveloped* ni Dr. Krailas Kyothong mula sa Department of Livestock Development (DLD) sa Thailand, gamit ang pagkro-cross ng *native* na damong napier (*Pennisetum purpureum*) at damong pearl millet (*Pennisetum glaucum*).

Kumpara sa *native* na damong napier, ang 'Pakchong 1' ay mas masustansiya para sa mga alagang kalabaw dahil mas mataas ang *crude protein* (CP) nito at mas marami din ang ani (*yield*) na naibibigay sa mga magsasakang-maggagatas.

Ang Pakchong 1 ay may CP na 16-18 porsiyento kung aanihin mula 45 hanggang 55 na araw. Ang *native* na damong napier naman ay may 8 hanggang 12 porsiyento CP kung aanihin sa kahalintulad na araw.

Kumpara sa dami ng maaring maani, kayang makaani ng 500 tonelada ng Pakchong 1 sa isang taon ang isang magsasaka sa kanyang isang ektaryang lupain. Kung *native* na damong napier naman ang itatanim, makakaani lamang ng 360 hanggang 400 tonelada sa isang ektaryang lupain.

Dahil sa benepisyong hatid ng Pakchong 1, umangkat ang PCC ng damong ito mula sa Thailand at

magparami nito sa Pilipinas.

Sa kaso ni Sambrano, napili ang kanyang 2,000 metro kwadrado ng lupain na maging *forage nursery* ng kanilang kooperatiba sa San Jose City para nang sa gayon ay magkaroon rin ang kapwa niya mga miyembro ng Pakchong 1 na manggagaling sa PCC.

Pagkakapili kay Sambrano

Ayon kay Sambrano, napili ang kanyang lugar bilang *forage nursery*, dahil ayon sa kanyang mga kasamahan ay maganda naman ang kanyang lugar at may bakante siyang lupain.

Ayon sa kanya ay una siyang inalok ni Melchor Correa, *chairman* ng EPMPC, para isangguni ang plano na maging *forage nursery* ang lugar niya bago agad siyang tuluyang sumang-ayon dito.

Ani Sambrano: "Pabor sa akin na maging *forage nursery* ang aking lugar".

Ipinaliwanag ni Sambrano ang mga sumusunod:

"Noong alukin ako ni *chairman* Correa na maging *forage nursery* ang aking lugar ay kaagad kong sinang-ayunan ang plano dahil sa gusto ko rin talaga na mapalawak ang aking taniman at magkaroon ako ng Pakchong 1," sabi niya.

"Sa pagkakaalala ko, 15 kaming miyembro ng EPMPC ang nagbayanihan sa pagtatanim noon ng Pakchong 1 sa aking lugar. Ang aming plano ay gawing lugar na paminhian ang aking lupa para maparami ang Pakchong 1 sa aming kooperatiba," kwento pa niya.

"Dahil sa gawain namin na 'yon ay 13 na kamiyembro ko na sa EPMPC ang napamahagian ko ng Pakchong 1. Maliban dito, simula rin ng itanim namin ang damong ito, ay tuluy-tuloy lamang ang pag-usbong nito kaya ginhawa rin ako sa pagpapakain ng aking mga alagang kalabaw," sabi ni Sambrano.

"Sa palagay ko, epektibo ang ginawa naming pamamaraan para dumami pa ng dumami 'yong Pakchong 1 sa aming kooperatiba," masayang sabi ni Sambrano.



Si Randy Sambrano habang ipinagmamalaki ang kanyang tanim na Pakchong 1.

Pakinabang sa Pakchong 1

Ayon kay Sambrano, malaki ang hatid na kaginhawahan sa kanya ng pagkakaroon ng Pakchong 1 pagdating sa pag-aalaga at pagpapakain ng kalabaw.

Ikinuwento niya ang mga sumusunod:

"Naaalala ko dati, noong wala pa akong Pakchong 1, ay kinukulang talaga ako ng pakain para sa aking mga alagang kalabaw." "Dahil dito, ay napipilitan ako noon na lumibot sa karatig namin na lugar tulad ng Brgy. Palestina, Brgy. San Juan, Brgy. Sto. Niño 3rd at sa bayan pa nga ng Lupao kung minsan para humingi ng mga bagaso ng mais, mani-manian at kamote sa kaparehas kong mga magsasaka na wala namang inaalagaang gatasang kalabaw."

"Karaniwan, dahil sa gawaing ito, ay inaabot ako noon nang hanggang alas tres ng hapon sa paghahanap ng pakain kaya naman kulang na kulang ako sa pahinga at wala pa akong ganoon karaming oras para sa pamilya ko," bahagyang may lungkot na sabi ni Sambrano.

"Pero ngayon, dahil may Pakchong 1 na ako ay mas marami na akong oras sa aking pamilya at hindi na ako kinukulang ng pakain sa 13 kong alagang gatasang kalabaw," masayang sabi ni Sambrano.

Dagdag niya: "Minsan sa isanglinggo na lang ako ngayon kung maghanap ng

pakain sa karatig naming mga barangay at bayan kaya naman nakatitipid talaga ako sa oras".

"Dahil rin sa pagkakaroon ko ng Pakchong 1, ay nakita ko na mas tumaas ang produksiyon ng gatas ng aking mga alaga," banggit niya.

Ikinuwento ni Sambrano ang naging pag-aaral niya sa kanyang dalawang alagang kalabaw:

"Napansin ko minsan 'yong naging resulta noong pakainin ko 'yong dalawa kong naggagatas na kalabaw ng *native* na damong Napier at Pakchong 1. 'Yong nakita ko ay mas mataas na kalahating litro 'yong gatas ng kalabaw ko na pinakakain ko ng Pakchong 1 kumapara don sa isa na *native* na damong napier ang kinakain," paliwanag ni Sambrano.

"Dahil doon, plano ko ngayon na lawakan pa 'yong aking *forage area* na ang tanim ay Pakchong 1. Kumpiyansa ako na madadagdagan ang aking kita sa pagpapakain ng damong ito dahil mas mataas ang protina na naibibigay sa aking kalabaw kaya malakas gumatas," masayang sabi ni Sambrano.

"Nakita ko na ang pagkakaroon ng damong Pakchong 1 ay nakatutulong upang guminhawa ako sa pag-aalaga at pagpapakain ng gatasan kong kalabaw," masayang pagtatapos ni Sambrano.



Department of Agriculture
PHILIPPINE CARABAO CENTER
CERTIFIED ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

Eric P. Palacpac
Patnugot at hepe ng Knowledge Management Division

Anselmo S. Roque
Kasanguni

Arnel N. Del Barrio
Pinunong Tagapagpaganap

NIZ Balitaan

Ma. Cecilia C. Irang
Tagapamahalang patnugot

Khризie Evert M. Padre
Katulong na Patnugot

Ma. Cecilia C. Irang
Chrissalyn L. Marcelo
Khризie Evert M. Padre
Mga manunulat

Chrissalyn L. Marcelo
Layout at Disenyo

Inilalathala ng Philippine Carabao Center,
isang ahensiyang nasa ilalim ng
Kagawaran ng Agrikultura

Chrissalyn L. Marcelo
Marilou A. Vallarta
Tagapamahala sa Sirkulasyon